Walang pananampalataya para sa sinumang walang pagkamapagkakatiwalaan sa kanya at walang relihiyon para sa sinumang walang [pagtupad sa] kasunduan sa kanya."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Hindi nagtalumpati sa amin ang Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) malibang nagsabi siya: "Walang pananampalataya para sa sinumang walang pagkamapagkakatiwalaan sa kanya at walang relihiyon para sa sinumang walang [pagtupad sa] kasunduan sa kanya."}

[Maganda dahil sa iba pa rito] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Nagpapabatid si Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na madalang na magtalumpati ang Propeta ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) o mangaral malibang bumanggit siya ng dalawang bagay: Una. Walang kumpletong pananampalataya para sa sinumang sa sarili niya ay may kataksilan sa isang tao sa ari-arian nito o sarili nito o mag-anak nito; Ikalawa. Walang kumpletong relihiyon para sa sinumang nagtataksil sa mga kasunduan at mga tipan at sumisira sa mga ito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66251